

Sec. Montejo susuportahan ang IT-BPM laban sa mga kalamidad

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service

Inilatag ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Mario G. Montejo kamakailan sa 2014 International IT-BPM Summit sa Lungsod ng Makati ang mga programa nito na sumusuporta sa pagpapa-unlad ng nasabing industriya sa gitna ng mga banta ng climate change.

Ayon sa Kalihim, maliban sa paggawa ng mga polisiyang magpapalago sa industriya, ang mga kagamitan tulad ng Doppler radar at high resolution hazard map ay makatutulong sa pagbibigay ng napapanahon at accurate weather forecast sa bansa.

Dagdag pa niya na ang mga impormasyong ibinabahagi ng website at mobile application na Project NOAH o ang Nationwide Operational Assessment of Hazards ay makatutulong naman upang magkaroon ng pagkakataong malaman ng mga ordinaryong Filipino ang lagay ng panahon sa kanilang lugar.

Ang mga nasabing proyekto at teknolohiya ay makatutulong ng malaki sa mga Information Technology-Business Process Management (IT-BPM) upang matukoy ang mga angkop na lugar para sa operasyon nito.

Itinuturing ang IT-BPM na isa sa pinakamaunlad na industriya ng bansa ngayon. Sa kasalukuyan, ay umabot na sa isang milyong Filipino ang nabigyan ng trabaho ng mga kumpanya mula rito kabilang



Inilatag ni DOST Secretary Mario G. Montejo ang mga programa ng Kagawaran hinggil sa pagpapalago ng industriya ng IT-BPM sa gitna ng mga hamon ng mga kalamidad sa bansa. Binigyan diin niya ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya gaya ng mga high resolution map at sensor na magbibigay ng mga napapanahong weather forecast upang mapaghandaan ang mga paparating na kalamidad sa bansa. (S&T Media Service, DOST-STII)

ang mga nasa lalawigan at inaasahang aabot ito sa \$18 bilyon ang maiaambag sa kaban ng bayan.

Ang katatapos na 2014 IT-BPM Summit ay ang taunang pagtitipon ng mga industry player mula sa nasabing

sektor at maging ang mga kawani ng pamahalaan. Layunin ng nasabing pagtitipon ang maibahagi ang mga kasalukuyang estado ng IT-BPM at talakayin ang mga suliranin at hamon sa industriya sa hinaharap.

Mga Nilalaman

Crash course para sa mga broadcaster, ikinasa ng DOST p2

Produktong suman ng Calapan, wagi sa MIMAROPA Award. p3

Kalihim ng DOST, saludo sa mga Pinoy scientist na nagbabalik sa bansa p4

Larawanews p4

Space science, water bottle rocket competition, tampok sa World Space Week

Ni Allan Mauro V. Marfal
S & T Media Service

Upang mas maunawaan ng mga kabataan ang mga benepisyong hatid ng space science sa pang-araw-araw na pamumuhay, ito ay ginamit na tema sa pagdiriwang ng World Space Week (WSW) ng Department of Science and Technology (DOST) sa pamamagitan ng Science

Education Institute (DOST-SEI) kamakailan sa The Legend Palawan Hotel at Palawan State University.

Ang WSW ay taunang ipinagdiriwang sa ilalim ng Space Science Education Program ng DOST-SEI upang mas mabigyang-halaga ang

sundan sa pahina 3



Space science...

Mula sa pahina 1

mga benepisyo sa publiko ng space science. Ito ay ipinagdiriwang din sa iba't ibang bahagi ng mundo alinsunod sa deklarasyon ng United Nation General Assembly noong 1999.

Ang space science ay tumutukoy sa mga pag-aaral na may kinalaman sa kalawakan.

Ayon kay Dr. Josette P. Biyo, pinuno ng DOST-SEI, malaki ang ginagampanang papel ng space science upang mas maunawaan ng publiko ang kalawakan. "It helps us prepare against catastrophes especially in this era headlined by climate change, making us minimize the damage these happenings do to life," paliwanag ni Dr. Biyo.

Dagdag pa ni Dr. Biyo na ang mga ganitong aktibidad ay ang naglalapit sa mga mag-aaral sa space science at hihikayat sa mga kabataan upang kumuha ng karera sa larangang ito. At upang mapalago ang kaalaman sa space science ng bansa, ibinahagi ni Dr. Biyo na plano ng DOST na makapagtayo ng sarili nitong space agency sa hinaharap.

Samantala isa sa mga itinampok sa WSW ang National Water Rocket Competition, kung saan nagwagi ang Palawan State University Laboratory High School (PSULHS), na sinundan ng Quezon National High School habang nasa pangatlong pwesto ang Sta. Teresita National High School.

Ang PSULHS ay awtomatikong kakatawan sa bansa sa darating na Asia-Pacific Regional Space Agency Forum (APRSAF) Water Rocket Competition sa Japan sa Nobyembre 29-30, 2014.

Hinirang na pinakamahusay ang PSULHS mula sa 19 na mga koponang nagmula pa sa iba't ibang bahagi ng bansa. Kabilang sa nasabing koponan sina Nur Alan Pavlo Barte, Reniel Rosaceña at ang coach na si McArthur Maravilla na nag-uwi ng sampung libong piso.

Ang Water Rocket Competition ang isa sa mga aktibidad na nagbigay kulay sa ginanap na World Space Week (WSW) kamakailan sa Lungsod ng Puerto Princesa, Palawan. (Larawan mula sa DOST-SEI)



Itinanghal na kampeon ng National Water Rocket Competition ang koponan nina Reniel Rosacena at Nur Alan Paylo Barte kasama ang kanilang coach na si McArthur Maravilla ng Palawan State University- Laboratory High School. Ang paligsahan ng pagpapalipad ng mga rocket mula sa PET bottle ay bahagi ng taunang pagdiriwang ng World Space Week sa bansa. Kasama rin sa larawan sina Bb. Ruby Cristobal ng DOST-SEI at Dr. Rogel Mari Sese ng Philippine Space Science Education Program. Ang koponan ay kakatawan sa bansa sa darating na Asia-Pacific Water Rocket Competition sa Nobyembre sa Japan. (Larawan mula sa DOST-SEI)

Cebu board member saludo sa suporta ng DOST sa mga imbentor

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Mandaue City- Pinuri ni Cebu Provincial Board Member Griselda Sanchez ang Department of Science and Technology (DOST) sa ibinibigay na suporta nito sa mga lokal na imbentor.

Ito ay kanyang ibinahagi sa pag-uumpisa ng 2014 Visayas Cluster Regional Fair sa J Center Square, Mandaue City. Aniya, siya ay ang buhay na patunay ng mga suportang ibinabahagi ng DOST sa paglago ng mga lokal na siyentista at imbentor partikular sa Cebu. "You know DOST has greatly contributed to what I am today, I'm a living proof of DOST's support to local scientists and innovators..."

Ang 2014 Visayas Cluster Regional Fair ay alinsunod sa National Science and Technology Week na isang taunang pagdiriwang at pagpapasapubliko ng pinakahuling kaganapan sa larangan ng agham at teknolohiya.

Bago pa man masabak sa mundo ng politika, si Sanchez ay isang researcher at pinuno ng Lacto Bacillus Pafi Techno Resources Corporation, isang kumpanya na gumagawa ng iba't ibang mga produktong pangkalusugan.

Noong 2010, si Sanchez ay lumahok sa invention contest na inorganisa ng DOST at nagwagi sa unang puwesto sa regional level ng patimpalak para sa kanyang Paficare wound dressing. Noong sumunod na taon naman ay nagwagi si Sanchez sa Filipinnovation, ang programa ng DOST upang mapabilis ang pagsasakomersyo ng mga teknolohiya, para sa kanyang pest at fungal control product na Antica.

Paliwanag niya na "I take pride in saying that I have been a beneficiary for accelerated, transfer, and commercialization of innovative technologies."

Mula noon ay madami nang oportunidad ang dumating matapos siyang magwagi sa mga patimpalak ng DOST. Ayon pa sa kanya, siya ay nakakuha ng research grant mula sa

iba't ibang ahensiya ng pamahalaan upang makahanap pa ng iba't ibang benepisyo sa kanyang mga inobasyon.

Nagwagi rin ang kanyang imbention sa Philippine Chamber of Commerce and Industry Ambassador Alfredo Yao Intellectual Property Awards ng mga sumunod na taon. Napansin din ng Bureau of Agricultural Research ang mga produkto niyang pang-agrikultura kaya naman siya ay tinulungan ng nasabing ahensiya upang pagbutihin pa ang kanyang produkto.

Ang DOST sa pamamagitan ng Technology Application and Promotions Institute ay sumusuporta sa mga lokal na imbentor sa pamamagitan ng Republic Act No. 7459 o kilala bilang Inventors and Invention Incentives Act na kung saan ang pamahalaan ay gagawa ng programa upang suportahan ang mga imbentor sa bansa.

Sa ilalim ng RA 7459, ang mga imbentor ay maaaring makakuha ng suporta para sa mga sumusunod: intellectual property rights assistance program upang tulungan ang mga ito sa pagpa-file ng mga patent at iba pang mga IP rights, prototype development, testing assistance, pilot plant assistance, promotion at publication ng mga imbentoryon, National Invention Contests and Exhibits, tax/duty exemption assistance, invention guarantee fund, travel assistance, training, at Invent School upang hikayatin ang mga kabataang maging mas mapanglikha.



ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD
Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO
Copy Editor

JAMES B. INTIA
Layout

JUDITH L. SABLAN
Proofreader

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

Gabi ng pasasalamat sa mga Balik Pinas scientist

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Taos-pusong pasasalamat ang ibinahagi ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Mario G. Montejo sa katapos lamang na Gala Night para sa mga miyembro ng Balik-Scientist Program (BSP) o ang programa nanghihikayat sa mga Filipino scientist na magbalik-bansa at ibahagi ang kaalaman sa larangan ng agham at teknolohiya.

Ani Sec. Montejo, ang pagbibigay ng mga kaalaman para sa ikabubuti ng mga mamamayan at ng bansa ay isang magandang halimbawa ng kaugaliang Filipino na "bayanihan". Umaasa ang Kalihim na ipagpapatuloy ng mga kababayang Filipino ang ganitong programa sa mga susunod pang taon.

Ang BSP ay ang programa ng DOST na naghihikayat sa mga siyentistang Filipino na magbalik sa bansa kahit sa maikling panahon lamang at ibahagi ang nalalaman sa iba' ibang larangan ng siyensya.

Ang BSP ay unang itinatag noong 1975 kung saan maraming Filipino ang noo'y tumalak sa ibang bansa. Ang programa ay pansamantalang itinigil at ibinalik lamang noong 1993.

"BSP has become a model for drawing the nation's best and brightest minds toward the task of technological modernization and inclusive economic growth," wika ni Montejo. "We celebrate the milestones, big and modest, that we have been able to achieve as a result of our focus and dedication toward greater capability-building, keeping in mind the urgency of serving the needs of



Ang mga pinakahuling Balik-Scientist ng DOST.

our network partners and most especially our constituents," he said as he commended the men and women behind the BSP.

Bilang isang ehempro, nasa bansa si Dr. Joseph Adrian L. Buensalido, isang infectious disease fellow sa Wayne State University/ Detroit Medical Center sa Michigan, USA. Siya ay nagbalik sa bansa sa ilalim ng programa upang ibahagi ang kanyang kaalaman sa Philippine General Hospital mula Agosto ng kasalukuyang taon hanggang Hulyo 2017.

Aniya, napakagandang isipin ang pagbalik ng mga Filipino sa kanyang bansang sinilangan, ngunit, nakalulungkot na marami pang dapat gawin para sa bansa.

Si Dr. Buensalido ay humuhugot ng inspirasyon mula kay Dr. Jose P. Rizal, na

kanyang itinuturing na kauna-unahan at pinakasikat na Balik Scientist ng bansa.

"Like Rizal, we are experts in our respective fields. Many of us worked and trained abroad, giving us added perspective in our fields of expertise and in general how it is and how things are done in other countries," paliwanag ni Dr. Buensalido.

Ngunit, paliwanag ni Dr. Buensalido na limitado lamang ang kanyang maiaambag sa bayan kaya naman siya ay nananawagan sa mga katulad niya na magbalik sa bansang tinubuan at makibahagi sa makabuluhang gawaing ito.

Kanya ring pinuri ang BSP sa magandang layunin ng nasabing programa.

LarawaNEWS



Ipinaliliwanag ni DOST Assistant Secretary Raymund E. Liboro ang kahalagahan ng Project NOAH o ang Nationwide Operational Assessment of Hazards sa mga engineering at IT student mula sa Far Eastern University-East Asia College sa isang forum na pinamagatang "Itam Makakalikasan: A Generation Waking Up." Sa kanyang mensahe, kanyang ibinahagi ang kahalagahan ng pagkakaroon ng 'culture of safety' sa mga Filipino sa pamamagitan ng wastong paggamit ng mga social media. (S&T Media Service)